**Ni Pangulong Dallin H. Oaks**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Paglilingkod sa mga Nangangailangan

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tapat na nangangakong maglilingkod sa mga nangangailangan. Nakikipagtulungan ito sa maraming tao para magawa ito. Lahat ng mga anak ng Diyos ay nagkakaroon ng inspirasyong paglingkuran ang isa't isa sa abot ng kanilang makakaya.

Ang isang magandang halimbawa ng paglilingkod ay ang lalaking nagngangalang G. Gabriel. Nakita niya na maraming bata sa East Africa ang nangailangan ng tulong. Hiniling niya sa iba pang mga guro na tulungan siyang gawin ang tinatawag nilang "mga paaralan sa ilalim ng puno." Dumating ang mga bata para mag-aral sa lilim ng isang puno. Hindi na hinintay ni G. Gabriel na kumilos ang iba. Ginawa niya ang makakaya niya para matulungan ang libu-libong mga bata na matuto.

Pinatototohanan ko si Jesucristo. Ginagabayan tayong lahat ng Kanyang liwanag at Espiritu sa pagtulong sa iba sa buong mundo. ●

*Hango sa "Pagtulong sa mga Maralita at Naghihirap,"* Liahona, *Nob. 2022, 6–8.*

MGA LARAWANG-GUHIT NI SHAWNA J. C. TENNEY